

Ni Pangulong Russell M. Nelson

# Ang Napakahalagang Aklat ni Mormon



ILUSTRASYON NI STEVE JAMES

Gaano kahalaga sa inyo ang Aklat ni Mormon? Kung aalukin kayo ng mga diyamante o mga rubi o ng Aklat ni Mormon, alin ang pipiliin ninyo? Ang Aklat ni Mormon ay tunay na salita ng Diyos. Nagtuturo ito tungkol kay Jesucristo.

Inaanyayahan ko kayong basahin ang Aklat ni Mormon araw-araw. Ipagdasal at pag-isipan ang natututuhan ninyo.


Habang nagbabasa at nagdarasal kayo, ipinapangako ko:

- Madarama ninyong mas napapalapit kayo sa Tagapagligtas.
- Makakagawa kayo ng mas mabubuting pagpili—araw-araw.
- Tutulungan at bibigyang-inspirasyon kayo ng Ama sa Langit.
- Mapaglalabanan ninyo ang mga tukso.
- Papanatagin, papalakasin, at papasayahin kayo ng Aklat ni Mormon.
- Magsisimulang magkaroon ng mga pagbabago at himala!

*Hango sa "Pakikibahagi ng Kababaihan sa Pagtitipon ng Israel," Liahona, Nob. 2018, 68–70; at "Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?" Liahona, Nob. 2017, 60–63.*

## Paano Naging Napakahalaga ng Aklat ni Mormon sa Inyo?

Ngayong taon nagtitipon kami ng mga kuwento, larawan, at drowing tungkol sa napakahalagang Aklat ni Mormon. Ipapakita namin ang mga ito at ilalathala ang ilan sa mga ito sa magasin!





Ari K., edad 9, Nuevo León, Mexico



Nang matuto akong magbasa, binigyan ako ng nanay ko ng Aklat ni Mormon at sinabi niya na basahin ko ito bilang paghahanda para sa aking binyag. Mula noon, binabasa ko ito araw-araw. Ang paborito kong kuwento ay noong nakita ni Lehi ang Liahona.

Keyla S., edad 7, Mexico City, Mexico



"Punungkahoy ng Buhay," ni Russell K., edad 8, North Carolina, USA



Binigyan ko ng Aklat ni Mormon ang isa sa mga kaklase ko sa paaralan.

Felipe M., edad 9, São Paulo, Brazil

### IPADALA SA AMIN ANG INYONG LIKHANG-SINING O KARANASAN!

1. Magdrowing, kumuha ng larawan, o magsulat tungkol sa Aklat ni Mormon.
2. Ipadala ito sa amin! Tingnan ang pabalat sa likod para malaman kung paano.
3. Abangan ang *Kaibigan* buwan-buwan para makita kung paano sinusunod ng mga bata ang paanyaya ni Pangulong Nelson na basahin ang Aklat ni Mormon.